Inclusive Employment Australia

Finding careers for people with disability

Sumusuporta sa mga may kapansanan upang makahanap ng trabaho

Ang Inclusive Employment Australia ay isang ispesyalistang programa na sumusuporta sa mga may kapansanan, pinsala o kondisyon sa kalusugan para makahanap ng trabaho na kanilang kinasisiyahan at mapayabong ang kanilang karera.

Ang Inclusive Employment Australia ay nagbibigay sa mga taong naghahanap ng trabaho ng mas maraming pagpipilian at kontrol at ginagawang mas madali ang bagay para sa mga taga-empleyo.

Maaari ka pa ring lumahok sa programa kahit na hindi ka tumatanggap ng Income Support Payment mula sa Services Australia.

Piliin ang suportang gumagana para sa iyo

Ang Inclusive Employment Australia ay inihahatid ng mga provider na dalubhasa sa pagtulong sa mga taong may iba't-ibang kapansanan at sakit sa kalusugan na nagmula sa iba't-ibang kinagisnang kultura at wika. Alam nila kung paano ka susuportahan para makapaghanda at makahanap ng trabaho na tutugma sa iyong kahusayan – at iyong kasisiyahan.

Tutulungan ka ng iyong provider na maging mas may kumpiyansa, makaugnay sa iyong komunidad at tulungan kang makahanap ng trabaho na bagay sa iyo.

Sa pamamagitan ng Inclusive Employment Australia, maaari kang:

- pumili ng provider na dalubhasa sa pagtulong sa mga taong may natatanging kapansanan o sakit sa kalusugan
- magpalit ng ibang nararapat na provider sa anumang oras
- magpasya kung gaano karaming suporta ang iyong kailangan mula sa provider, anong tulong ang kinakailangan mo at kung paano mo sila gustong tumulong sa iyo
- piliin kung paano ka makapagpanatili ng pag-uugnay sa iyong provider.

Walang mga pagpigil kung hanggang kailan, kaya pwede kang patuloy na makipatulungan sa iyong provider hanggang sa kailangan mo. Maaari kang nasa programa kahit na makapagtatrabaho ka lang ng ilang oras sa isang linggo. Makakapagpasya ka rin na baguhin ang iyong mga layunin at kung gaano karaming suporta ang kailangan sakaling may mga pagbabago sa iyong buhay, kalusugan o kalagayan sa trabaho.

Ano ang ginagawa ng mga provider para sa iyo

Ang mga provider sa programa ng Inclusive Employment Australia ay:

- sumusuporta sa iyo para lumikha ng isang Job Plan na may mga aktibidad na makakatulong sa iyo na makahanap at manatili sa trabaho.
- sumusuporta sa iyo na makipag-ugnay sa mga lokal na taga-empleyo at sa komunidad
- tumutulong sa pagsasa-ayos ng mga maiikling kurso at akreditadong pagsasanay
- tumutulong sa iyo na lumikha ng matibay na resume na naglalarawan kung ano ang iyong mga galing
- tumutulong sa iyo na magpalakas ng sariling kumpiyansa sa pamamagitan ng may tagasanay (coaching) at pagpapraktis ng mga interbyu.
- isangguni ka sa kaalyadong serbisyo sa kalusugan o mga serbisyo ng komunidad katulad ng occupational therapy, physiotherapy at iba pang mga serbisyo na sumusuporta sa pagsasarili at kagalingan
- magbigay ng patuloy na suporta kapag nagsimula ka na sa isang trabaho, katulad ng pagsasa-ayos ng mga dapat baguhin sa lugar ng trabaho at pantulong sa teknolohiya, mga paraan para tulungan kang mangasiwa sa iyong kapansanan o sakit sa kalusugan habang nasa trabaho at mga nababagay na oras sa trabaho.

Ano ang ginagawa ng mga provider para sa mga taga-empleyo

Ang mga provider ay makakatulong sa mga taga-empleyo na magtatag ng mga inklusibong lugar ng trabaho sa pamamagitan ng:

- tulong sa pagtutugma ng mga nababagay na trabaho sa mga taong handa na para sa trabaho
- tulong sa pagbabayad ng mga panimulang sahod (sa pamamagitan ng wage subsidy) at magbigay ng suportang pinansyal para sa mga babaguhin sa lugar ng trabaho kung kailangan ito ng mga tao
- pagbibigay ng may kamalayang pagsasanay at patuloy na suporta sa may kapansanan
- pagbibigay ng pagpapayo at suporta para maipanatili ang mga positibong ugnayan sa lugar ng trabaho.

Karagdagang impormasyon

Para makahanap ng provider ng Inclusive Employment Australia, hanapin sa listahang nasa website ng JobAccess (www.jobaccess.gov.au/find-a-provider). Mayroon ding listahan ng mga provider sa estado at teritoryo, at karagdagang impormasyon sa website ng Inclusive Employment Australia (www.dss.gov.au/inclusive-employment-australia).

- Para makipag-usap sa kaninuman tungkol sa Inclusive Employment Australia, matatawagan mo ang telepono ng National Customer Service sa **1800 805 260***.
- Mga tagagamit ng Speak and Listen na telepono, tawagan ang 1300 555 727 at hingin ang 1300 653 227.
- Kung ikaw ay bingi/Bingi (d/Deaf), hirap-makarinig o may mga problema sa pagsasalita, gamitin ang National Relay Service para tawagan ang telepono ng National Customer Service Line. Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang www.accesshub.gov.au.
- Kung kailangan mo ng interpreter, tumawag sa TIS National sa **131 450*** at patawagan ang **1800 805 260**.

* Mga singil sa tawag ay maaaring ilapat para sa mga tawag sa '13' at '1800' na mga numero mula sa mga teleponong mobile.

Ang mga antas ng singil sa tawag mula sa landline at mga provider sa teleponong mobile ay maaaring magkakaiba. I-tsek sa kasalukuyan mong provider sa telepono.